# شروط لا إله إلا الله باللغة الفليبينية

# ANG MGA KONDISYON NG (LA ILAHA ILLALLAH)

**Umilalim sa pamamahala ni:**
**Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله**

**Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah**

MAHADSUNNAH.COM ALSARHAAN.COM

Ano ang kondisyon ng (La ilaha illallah)?

Ang kondisyon ng (La ilaha illallah) ay pito:

**Una**: Ang Kaalaman (Ilm العلم); na kabaliktaran ng kamangmangan. Sinabi ng Allah sa Quran: “At alamin mo o Muhammad na walang ibang diyos na karapatdapat sambahin maliban sa Allah’’.

At ayon kay Uthman bin Affan رضي الله عنه ang Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: “ Kung sinuman ang inabutan ng kamatayan at alam niya sa kanyang sarili na walang ibang diyos na karapatdapat sambahin maliban sa Allah tiyak na siya ay papasok ng paraiso.”

**Pangalawa**: Ang Katiyakan (Yaqeen اليقين) : na dapat ang taong magsasabi ng (La ilaha illalah) ay tiyak at walang duda sa ibig sabihin nito at mga kaakibat nito, dahil ang pananamplataya ay hindi mabubuo sa di tiyak na kaalaman.

Sinabi ni Allah sa Quran:’’ Tunay na ang mga mananampalataya ay yaong mga naniwala sa Allah at sa kanyang Propeta, at hindi nagkaroon ng duda, at ipinagtanggol (Ang Islam) sa pamamagitan ng kanilang pera at kanilang sarili tunay na sila ang mga makatotohanan”.

Kaya sukatan ng tunay na pananampalataya ay hindi pagkakaroon ng duda.

At inulat ni Abu Hurairah رضي الله عنه: ang propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi:

“Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na karapatdapat sambahin maliban kay Allah at ako ang Sugo ng Allah, at kung sino ang humarap sa Allah, at naniniwala sa dalawang salita na ito na walang duda, siya ay papasok sa paraiso”.

**Pangatlo**: Ang Pagtanggap (Qabul قبول) sa ibigsabihin nito sa kanyang puso at dila, at marami ang kwento na binigay ng Allah na kung saan sinasabi kung papaano iniligtas ni Allah ang mga tunay na tumanggap sa (Lailaha illallah) at kung papaano kinalimutan ni Allah ang mga nakalimot.

**Pang-apat** na kondisyon: Ang Pagsuko (Inqiyad انقياد) na kabaliktaran ng pag-iwan at pagtaliwas, sinabi ng Allah ﷻ : "Kung sino man ang sumuko ng kumpleto sa landas ng Allah at isinagawa ang mga turo ng Islam sa kanyang salita at gawa, tunay na siya kumakapit sa tanging makakapagligats sa kanya".

At ang ibig sabihin nito ay (La ilaha ilallah), kaya't kung sino ang hindi sumuko ng kumpleto at iniwanan ang turo ng Islam sa kanyang gawa't salita hindi siya nakakapit sa tanging makakapagligtas sa kanya.

**Panglima**: Ang Katotohanan (Sidq الصدق) at ang kabaliktaran nito ay kasinungalingan, ito ay kailangan maramdaman ng totoo sa ating puso at babanggitin ng ating dila.

Sinabi ni Allah ﷻ sa Quran: "Inaakala ba ng tao na sila ay malaya na angkinin ang pananampalataya at sila ay hindi susubukan, tunay na binigyan namin ng pagsubok ang mga nauna sa kanila upang makilala namin kung sino ang makatotohanan sa kanila at kung sino ang mga nagsasabi ng kasinungalingan.

Inulat ni Muadh bin Jabal رضي الله عنه: Ang propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: "Walang sinuman na sumasaksi na walang ibang diyos na karapatdapat sambahin maliban sa Allah at sumasaksi na si Muhammad ay alipin at sugo ni Allah, totoo sa kanilang puso, ang pagpasok sa impiyerno ay ipinagbabawal sa kanya".

**Pang-anim**: Ang Sinseridad o Katapatan (Ikhlas الإخلاص) at ito ay makakamit lamang sa pamamagitan ng paglayo ng kanyang gawain sa lahat ng klase ng pagtatambal.

Sinabi ni Allah ﷻ sa Quran: "Hindi ba dapat na ang buong relihiyon ay dapat sa Allah lamang".

Inulat ni Abu Hurairah رضي الله عنه : Ang Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: "Ang pinakamasayang tao na makakakuha ng aking tagapamagitan sa araw ng paghuhukom ay ang tao na nagsabi ng (Lailaha ilallah) ng may sinseridad o katapatan sa kanyang sarili".

**Ang huli at pangpitong kondisyon**: Ang Pagmamahal (Mahabbah المحبة) sa salitang ito, pagmamahal sa mga pumapaloob na katuruan nito, pagmamahal sa mga tao na pinanghahawakan ang salitang ito, at ang kamuhian ang kabaliktaran ng mga ito.

Sinabi ng Allah ﷻ : "May mga tao ay kumikilala ng diyos-diyosan liban sa Allah, minamahal ang mga ito katulad ng kanilang pagmamahal sa Allah, tunay ang mga mananampalataya ay higit na nagmamahal sa Allah".

Inulat ni Anas bin Malik رضي الله عنه : Ang Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: " Hindi kayo magiging ganap na mananampalataya, hanggang sa ako ay minamahal niya higit sa kanyang mga anak, sa kanyang magulang, at sa lahat ng tao".

Ang Allah ang lubos na nakakaalam...